8

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kwarter 2

Aralin 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kwarter 2: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panunurang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Leo A. Tolentino (Vicente P. Trinidad National High School - Valenzuela)

**Tagasuri:**

- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO / KUWARTER 2/ BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahong ng pananakop ng Estados Unidos at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *video* o animasyon na isinasalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>1. Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>2. Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa sa teksto (panitikan at persweysib) |
| **D. Nilalaman** | **Tekstong Biswal sa Pagbuo ng Video o Animasyon**<br>Rebyu ng Aklat |
| **E. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

Baker, R. (2011, December 23). How to Draw a Scientific Graph: A Step-by-Step Guide. Retrieved May 23, 2024, from Owlcation website: https://owlcation.com/stem/How-to-Draw-a-Scientific-Graph

Book review. (n.d.). Retrieved May 22, 2024, from Wikipedia website: https://en.wikipedia.org/wiki/Book_review

Course Hero. (2024). Retrieved May 23, 2024, from Coursehero.com website: https://www.coursehero.com/tutors-problems/Asian-History/45386241-Panuto-Sa-unang-bahagi-ay-punan-o-kumpletohin-ang-talahanayan-Sa/

Dillague, N., Gorrospe, F., & Marquez, S. (1998). Dangal (Panitikang Pilipino) (J. Flores, Ed.). Manila: Adamson University.



Komisyon sa Wikang Filipino. (n.d.). Diksiyonaryo. Retrieved May 22, 2024, from diksiyonaryo.ph website: https://diksiyonaryo.ph/

ndustrial School for boys, c1902 photo from Zamboanga in early 1900 | Early christian, Teacher photo, El filibusterismo. (n.d.). Retrieved May 23, 2024, from Pinterest website: https://www.pinterest.ph/pin/46795283613498749/

Pagpapahalaga Sa Sining Biswal | PDF. (n.d.). Retrieved May 22, 2024, from Scribd website: https://www.scribd.com/document/628396085/Pagpapahalaga-sa-Sining-Biswal
pipobigo. (2022, June 17). Schematic Design - ISO. Retrieved May 23, 2024, from https://www.reddit.com/r/InteriorDesign/comments/vec8es/schematic_design_iso/
Scholastic. (n.d.). Book Review. Retrieved from https://www.scholastic.com/content/dam/teachers/lesson-plans/migrated-featured-files/book_rubric.pdf
Venn Diagram. (n.d.). Retrieved May 23, 2024, from BrainPOP Educators website: https://educators.brainpop.com/printable/venn-diagram/

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>1. Maikling Balik-aral<br>AYOS KAHULUGAN – Buuin ng mga mag-aaral ang kahulugan ng rebyu ng aklat sa pamamagitan ng pagsasaayos sa mga parirala sa ibaba.<br><br>A. ang rebyu ng aklat<br>B. kung saan ang isang aklat ay binibigyang-katangian<br>C. estilo at kahusayan ng pagkakabuo.<br>D. ay isang anyo ng panunuring pampanitikan<br>E. o sinusuri batay sa nilalaman,<br><br>2. Pidbak<br>REBYU SA SURING-AKLAT – Kaugnay ng naisulat na suring aklat sa nakaraang paksa, tayahin ito ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay marka sa kanilang awtput gamit ang talahanayan.<br>Tanong sa mga mag-aaral: Batay sa nakuha mong marka sa pagtataya sa iyong rebyu ng aklat, ano ang nararapat mong gawin o irebisa kaugnay nito?<br><br>(Ang Rubrik sa gawaing ito ay makikita sa Sagutang Papel ng Pagkatuto)</td><td>Para sa AYOS-KAHULUGAN, maaaring isulat ng guro ang mga parirala sa mga meta cards na siyang isasaayos ng mga mag-aaral.<br>Sagot:<br>(A)Ang rebyu ng aklat (D)ay isang anyo ng panunuring pampanitikan (B)kung saan ang isang aklat ay binibigyang-katangian (E)o sinusuri batay sa nilalaman, (C)estilo at kahusayan ng pagkakabuo.<br><br>Para sa REBYU SA SURING-AKLAT, tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga marka sa bawat kategorya. Sakali at mababa, itanong sa mga mag-aaral kung ano sa palagay nila ang dapat gawin, saka iparebisa ito sa mga mag-aaral.</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br><br>
THUMBS UP o THUMBS DOWN (Unang Bahagi) - Pag-usapan sa klase: Ano ang nagagawa ng tekstong biswal sa iyong pag-aaral? Ipakita ng mga mag-aaral ang thumbs up o thumbs down kung sumasang-ayon sila o hindi sa mga tanong sa ibaba.<br><br>
Ano ang nagagawa ng tekstong biswal sa iyong pag-aaral?<br><br>
1. Mas malinaw ba na nakikita ang ideya kung nakikita kaysa inilalarawan sa anyong patalata?<br>
2. Mas naipapaabot ba ang mensahe sa pagpapakita ng tekstong biswal?<br>
3. Mas nakakahikayat ba sa mambabasa ang tekstong biswal kaysa anyong pangungusap?<br>
4. Mas nag-iisip ba ng ibig ipakahulugan ang tumitingin sa tekstong biswal kaysa nagbabasa?<br><br>
2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>
KUMP-LETRA! Punan ng nawawalang letra ang patlang upang mabuo ang salita. Gawing gabay ang kahulugang ibinigay.<br><br>
1. Anong teksto ang nagsasalin ng ideya o impormasyon gamit ang mga larawan, grapiko, disenyo at iba pang elemento ng sining sa pagpapahayag ng mensahe?<br>
T ___ ___ S ___ O ___ ___ B ____ S ___ ___ L<br><br>
2. Ano ang balangkas ng larawan o dibuho, karaniwang ginagawa upang makatulong sa pagbuo ng sinimulang gawa?<br>
K ___ O ___ ___ S<br><br>
3. Ano ang tawag sa column o haligi?<br>
K ___ L ___ ___ N ____<br><br>
4. Ano ang tawag sa pangangalap, pag-uuri at pamamahagi ng mga impormasyon?<br>
D ___ K ___ ___ E ____ ____ A ___ Y ____ N<br><br>
5. Anong teksto ang may layuning makuha ang pagsang-ayon, pagsunod, pagpanig, o mapapaniwala ang isang tao o pangkat?
</td>
<td>
Para sa THUMBS UP o THUMBS DOWN (Unang Bahagi), Tanggapin anuman ang sagot ng mga mag-aaral.<br><br>
Mga Tamang Sagot:<br>
1. TEKSTONG BISWAL<br>
2. KROKIS<br>
3. KOLUMNA<br>
4. DOKUMENTASYON<br>
5. PERSWEYSIB
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | P ___ R ___ ___ E ___ ___ ___ B | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Biswal**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**ANO ITO?** Tukuyin ang mga uri ng elemento ng tekstong biswal batay sa halimbawang larawan.<br><br>1. Ito ay krokis, dibuho o drowing na kakikitaan ng mga bahagi ng isang bagay na ipinaliliwanag o ibig ipakita.<br><br><br>2. Ito ay biswal na representasyon na kumakatawan sa isang sistema ng ugnayan ng iba't ibang bagay sa pamamagitan ng linya, bar, tuldok at iba pa.<br><br>Sonin, J. (2007). The floor plan of the first story of a house [Online photo]. Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:First_story_floor_plan.jpg. | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. dayagram<br>2. grap<br>3. iskematiks<br>4. talahanayan<br>5. Larawan o imahe<br><br>Maituturing na isa rin itong balik-aral sapagkat ang paksa ukol sa mga tekstong biswal ay natalakay na rin sa mga nagdaang aralin sa klase. |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ito ay nagpapakita ng representasyon ng estruktura ng isang sistema o ng mga pamamaraang kaugnay sa isang proseso. | |

| Aspeto ng Lipunan | Ano ang ipinapakita sa mga nobela ni Rizal o sa kanyang panahon? | Ano ang iyong obserbasyon sa kasalukuyang panahon? (Positibo o Negatibo) |
|---|---|---|
| **1.Gobyerno at mga Opisyal** | | |
| **2. Simbahan at Relihiyon** | | |
| **3. Edukasyon** | | |
| **4. Pag-iibigan at Relasyon** | | |
| **5. Mayaman at Mahirap** | | |

4. Ang biswal na ito ay sistematikong pagsasaayos ng mga impormasyon sa anyong hanay at kolumna.

***Maghanap ng larawang nagpapakita ng edukasyon noong Panahon ng mga Amerikano sa Pilipinas.***


*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.*

5. Ito ay mga biswal na eksaktong kopya ng itsura ng mga bagay o pangyayari na maaaring nakarekord sa *film* o digital na anyo.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**1. Gawain 1 - TALAS-ISIP –** Unawain ang tekstong biswal sa ibaba. Sagutan ang mga tanong kaugnay nito.

1. Anong uri ng tekstong biswal ang nasa ibaba?
2. Ano ang paksa ng tekstong biswal?
3. Ano-anong mga impormasyon ang ipinakikita nito?
4. Papaano nahahati ang mga impormasyon sa tekstong biswal?
5. Suriin ang mga impormasyon.




**2. Talakayin ng guro ang tala:**

**Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagbuo ng Elementong Biswal**
1. Sa pagbuo ng elementong biswal, tiyakin na angkop ito sa ideyang nais ipahayag.

2. Ipaliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng elementong biswal na ito sa presentasyon ng paksa.
3. Lakipan ng wastong pamagat at bilang ang bawat elementong biswal.
4. Siguraduhing malinaw at wasto ang mga detalye sa bawat elementong biswal.
5. Gawan ng wastong dokumentasyon ang mga biswal sa presentasyon.

**IKATLONG ARAW**

**3. GAWAIN 3 - I-BISWAL MO!** Basahin ng mga mag-aaral ang talata sa ibaba. Pagkatapos ay pumili ng angkop na tekstong biswal na angkop kumatawan sa mga ideyang nakapaloob dito. Sagutin ang mga tanong pagkabuo ng tekstong biswal.

Teksto:

**Nobelang Pilipino sa Panahon ng Amerikano**

*Muling namukadkad ang husay sa pagsusulat ng mga nobelista sa pagdating ng mga Amerikano sa ating bansa. Makabayan ang paksa ng mga nobela sa panahong ito. Bagaman itinago ang mga suliraning panlipunan na di hayag na ipinakita sa mga akda na sa unang malas ay may may himig ng pagliligawan at pag-ibig. Ang paksang nasyonalismo na naging tuon ay nakaugat sa pagnanasang magkaroon ng ganap na kalayaan ang bansa mula sa mga mestisong mananakop.*

*May mga nagsasabing, hindi maikakaila ang naging impluwensiya ng mga akdang naisulat sa mga nagdaang panahon sa kasaysayan ng Pilipinas upang maging paksa rin ang pagmamahal sa bayan sa mga akdang nalathala sa panahon ng pananakop ng Estados Unidos. Ang romantisismong nabadha sa akda ni Francisco Baltazar, maging ang mga isyu at damdaming makabayan na tinalakay ni Rizal sa mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ay naging impluwensiya rin na nakita sa panulat ng mga manunulat sa panahon ng mga Amerikano.*


*Hayag pa rin ang pagiging maramdamin ng mga tagpo at dayalogo sa ilan sa mga nobelang nasulat sa panahong ito. Ilan sa mga tagpong sumikat sa panahong ito ay ang pagmamahalan sa pagitan ng mayaman at mahirap kung saan magtutunggali ang bida at kontrabida sa pagmamahalan na magbubunga ng paghihirap. Ngunit sa bansang huli ay magtatapos ng maligaya at magtatagumpay ang pagmamahal.*

*Mainam ang pagkakasulat ng mga akdang nalathala sa panahong ito. Ilan sa mga naibigan ng mga mambabasa ay ang "Salawahang Pag-ibig" ni Lope K Santos, na lumabas sa serye ng Ang Kaliwanagan, ang akda ni Valeriano H. Peña na pinamagatang "Si Rosa at si Valerio," at*

Para sa **GAWAIN 3 – IBISWAL MO,** Humanda sa pag-uulat sa harap ng klase.

*"Anino ng Kahapon" ni Francisco Lacsamana. Mainam na mabasa ng bawat Pilipino ang mga nobelang ito na nalathala sa itinuturing na "Panahong Ginto" ng nobelang tagalog.*

**Pamagat:** ________________________________________




*Halimbawang tekstong biswal na maaaring gamitin ay ang nasa itaas, isang hierarchy diagram, nag-iisa-isa ng mga katangiang binanggit patungkol sa nobela sa Panahon ng mg Amerikano. Depende sa mga mag-aaral kung may maisip silang iba pa.*

**Tanong kaugnay ng Tekstong Biswal**:

1. Ano ang paksa ng nabuong tekstong biswal?
2. Ano-anong impormasyon ang ipinakikita ng bawat bahagi nito?
3. Lagyan ng leybel ang mga bahagi ng tekstong biswal.
4. Malinaw at wasto ba ang ideyang ipinakikita sa tekstong biswal?
5. Angkop ba ang ganitong uri ng tekstong biswal sa paksa?

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Para sa **TEKSTONG BISWAL KO**, malayang makabubuo ang mag-aaral ng higit sa isang tekstong biswal na sa palagay niya ay lalapat sa rebyu ng aklat na isinulat niya.

| | | |
|---|---|---|
| | 1. **TEKSTONG BISWAL KO** – Batay naman sa isinulat na rebyu ng aklat na isinulat ng mga mag-aaral sa nagdaang aralin, bumuo sila ng angkop na tekstong biswal kaugnay nito. Sagutan din ang hinihinging impormasyon ang mga patlang sa ibaba nito.<br><br>**Pamagat ng Rebyu ng Aklat:** ______________________________<br>**Paksa:** ______________________________<br>**Uri ng Tekstong Biswal na Napili:** ______________________________<br><br>**Pamagat:** ______________________________<br><br>**Paliwanag:** ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>(Para sa pagpapaliwanag, sagutin ang mga tanong na sinagot sa I-BISWAL MO!)<br>2. **TEKSTONG BISWAL KO, ILAPAT SA VIDEO** – Matapos mapagpasyahan ang mga tekstong biswal na gagamitin sa pag-uulat ng rebyu ng aklat, ilapat ito sa platapormang napili sa pagbuo ng video o animasyon. Paghahanda ito sa presentasyon nila sa susunod na linggo. | Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang gawa sa klase. |

| | | |
|---|---|---|
| | | Para sa **TEKSTONG BISWAL KO, ILAPAT SA VIDEO,** balikan ang mga naunang aralin kaugnay ng paksang ito. |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**GUHIT BISWAL** – Bigyan ng yeso ang ilang mag-aaral, sa loob ng 5 minuto ay sabay-sabay na gumuhit sila ng biswal sa pisara na natatandaan nila kaugnay ng paksang tinalakay sa aralin sa linggong ito. Pagkatapos ng oras ay bigyan ng reaksyon ang mga iginuhit ng mga kaklase sa pisara.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Balikan ang gawain kaugnay ng **THUMBS UP o THUMBS DOWN** (Unang Bahagi), muli ay pasagutan sa klase ang sarbey na ito at ipapaliwanag sa kanila kung ano ang nadagdag sa kanilang mga ideya pagkatapos ng mga pag-aaral sa linggong ito. | Maaaring whiteboard marker ang gamitin kung whiteboard ang pisara o kung smartboard ay ang panulat nito. |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Unawain ang tekstong biswal. Sagutin ang mga tanong kaugnay nito sa ibaba. | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. A<br>2. C<br>3. D<br>4. C<br>5. B<br>6. B<br>7. C<br>8. B<br>9. A<br>10. D |

| Saklaw na Panahon | Nobelang Naisulat/Taon | Manunulat |
|---|---|---|
| 1900-1905 | Salawahang Pag-ibig (1900)<br>Mag-inang Mahirap (1905) | Lope K. Santos<br>Valeriano Hernandez Peña |
| 1906-1910 | Banaag at Sikat (1906)<br>Hatol ng Panahon (1909)<br>Madaling Araw (1909)<br>Talaga ng diyos (1910) | Lope K. Santos<br>Valeriano Hernandez Peña<br>Iñigo Ed Regalado<br>Lope K. Santos |
| 1911-1915 | Labing-apat na Awa (1912)<br>Pagluha ng Matuwid (1912)<br>Ang Pahimakas ng Isang Ina (1914)<br>Kasawian ng Unang Pag-ibig (1915) | Iñigo Ed Regalado<br>Valeriano Hernandez Peña<br>Valeriano Hernandez Peña<br>Valeriano Hernandez Peña |

| | | |
|---|---|---|
| 1916-1920 | Bunga ng Pag-iimbot (1918)<br>Dangal ng Magulang (1920) | Valeriano Hernandez Peña<br>Valeriano Hernandez Peña |
| 1921-1925 | Sampaguitang Walang Bango (1921)<br>Ang Huling Pagluha (1921)<br>Kung Magmahal ang Dalaga (1921)<br>Kundangan (1925)<br>Ang Selosa (1925) | Iñigo Ed Regalado<br>Iñigo Ed Regalado<br>Iñigo Ed Regalado<br>Lope K. Santos<br>Lope K. Santos |
| 1926-1930 | Alila ng Kapalaran (1926) | Lope K. Santos |
| 1931-1935 | Naging Lunas sa Pighati (1933)<br>Anak ng Dumalaga (1933) | Iñigo Ed Regalado<br>Iñigo Ed Regalado |

1. Anong uri ng tekstong biswal ang nasa itaas?
A. Talahanayan B. Grap C. Iskematiks D. Larawan

2. Sa ilang kategorya nahahati ang tekstong biswal?
A. 1 B. 2 C. 3 D. 4

3. Gaano katagal ang saklaw na panahon ng mga nobelang naisulat?
A. 30 B. 32 C. 34 D. 36

4. Ilang manunulat ang isinama sa tekstong biswal?
A. 1 B. 2 C. 3 D. 4

5. Sa anong saklaw ng panahon pinakamaraming nobela ang naisulat?
A. 1911-1915
B. 1921-1925
C. 1906-1910
D. 1900-1905

6. Ilang nobela ang naisulat sa lahat ng saklaw ng panahon?
A. 19 B. 20 C. 21 D. 22

7. Anong panahon ang may pinakakaunting nobela ang naisulat?

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">A. 1900-1905<br>B. 1916-1920<br>C. 1926-1930<br>D. 1931-1935<br><br>8. Sinong ang nakapagsulat nang higit sa iba pang manunulat?<br>A. Lope K. Santos at Iñigo Ed Regalado<br>B. Iñigo Ed Regalado at Valeriano Hernandez Peña<br>C. Valeriano Hernandez Peña at Lope K. Santos<br>D. Pantay-pantay lamang silang tatlo ng naisulat<br><br>9. Alin ang angkop na paliwanag sa nilalaman ng tekstong biswal?<br>A. Nagpapakita ito ng mga nobelang naisulat at manunulat sa bawat saklaw ng panahon.<br>B. Makikita sa tekstong biswal ang mga paksang nakahiligang talakayin ng mga manunulat sa saklaw ng panahon.<br>C. Ipinapaunawa ng tekstong biswal ang pagpapahalagang ipinakita ng mga mamamayan sa nobela sa bawat panahon.<br>D. Makikita sa tekstong biswal ang pare-parehong hati ng mga panahon ng pagsulat ng mga manunulat.<br><br>10. Ano ang maaaring maging pamagat ng tekstong biswal?<br>A. Mga Manunulat na Makabayan sa Pagsusulat<br>B. Saklaw na Panahon ng Panitikan sa Panahong Amerikano<br>C. Nobelang Tagalog na Nailathala<br>D. Nobelang Naisulat sa Panahon ng Amerikano<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>PORTFOLIO KWADERNO - Magdikit sa kuwaderno ng mga larawan ng mga halimbawang tekstong biswal. Lagyan ng angkop na uri ang bawat larawan.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="2">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Kagamitan*** | | | pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |